

# 1

“Serge, Hijo! You surprised me. Hindi mo man lang nabanggit na ngayon ka dadating,” masayang bati ni Don Angelo Madrid kasunod ng isang marahang tawa. Ito ang president at may-ari ng *Madrid Group of Companies*. Tanyag ang kompanya dahil sa dami ng linya nito na businesses at isa roon ang pagiging supplier ng mga thoroughbred horses.

“Lolo! Talagang gusto kitang sorpresahin,” deklara ni Serge.

Kilala ang pamilya Madrid bilang magaling na caballero simula pa noong panahon ng mga ninuno, subalit walang nakaisip sinuman sa pamilya ang mag-venture sa isang riding club. Nakumbinsi lang ng may-ari ng *The Riding Club* sa tulong ng member na si Serge si Don Angelo na maging supplier ng thoroughbred horses dahil kakaiba talaga ang technique na ginagamit ng pamilya sa pagpapalaki ng mga kabayo.

Si Sergio Madrid III o Serge ang nag-iisang tagapagmana ng *Madrid Group of Companies*. Kilala sa alta-sociedad hindi lamang sa kanyang kayamanan kundi pati na rin sa angking kakisigan. Mamula-mula

ang kanyang balat dahil sa halos walang humpay na pangangabayo kahit na sa ilalim ng sikat ng araw. Well-built ang kanyang katawan na talagang mine-maintain niya. May sarili siyang diet plan at sinusunod naman ng staff ng riding club ang mga tagubiling iyon.

Matangos ang kanyang ilong, mapupula ang labi, well-defined jawline at ang higit na nakakaakit na feature ni Serge ay ang kanyang napaka-expressive na mga mata. Tila tagos sa kaluluwa kung makatingin siya habang kausap ang isang babae, kaya naman hindi maiwasan ng mga ito ang mahulog sa mala-Adonis na binata.

Ito rin siguro ang dahilan kung bakit naging dakilang playboy siya. Hindi na nga niya kailangang manligaw pa dahil literal na ibinabato ng mga babae ang mga sarili sa kanya. Sa edad niyang beintesiete ay wala pa rin siyang balak na matali sa kahit kaninong babae na labis namang ikinababahala ng kanyang abuelo. Nais kasi ni Don Angelo na makita man lamang nito ang kahit isa sa apo sa tuhod bago ito pumanaw.

“Bakit bigla naman yata ang pagsugod mo dito, Hijo?” nakatawang tanong pa rin ng matanda.

Si Don Angelo ang lolo ni Serge. Namatay sa

isang malagim na aksidente ang mga magulang ng huli noong bata pa siya kung kaya ang kanyang lolo na lamang ang nagpalaki sa kanya. Sunod sa luho at madali niyang makuha ang kanyang maibigan.

Naging mabuting lolo si Don Angelo at lumaki namang mabuti ang binata, lamang ay hindi mawala sa kanya ang pag-uugaling kung ano ang maibigan ay nakukuha niya. Kahit pagdating sa babae; at kung magsawa siya ay basta na lamang niya itong iniwan. Marami na siyang napaluha sa kababaihan. Hindi niya sineseryoso ang kahit na sino.

Para sa kanya, ang mga babae ay pampalipas-oras lamang. Hindi niya naramdaman ang magkaroon ng pamilya. Dalawa lamang sila ng kanyang lolo dahil maaga ring iniwan ni Doña Severina Madrid ang esposo nito. Dahil doon ay lumaki si Serge sa pangangalaga ng kanyang lolo at ng mga katulong.

“May sinabi kasi sa akin ang abogado mo, Lolo, tungkol sa isang kondisyon gayong ako lang naman ang tangi mong tagapagmana,” nakangising sabi ni Serge.

Biglang naging pormal ang ekspresyon sa mukha ng matandang lalaki at nagsabing, “Gan'on ba? Tayo na sa bahay para makapagpahinga ka muna at doon na natin pag-usapan ang lahat.” Bago umalis ay

sumulyap pa ito sa kinaroroonan ni Victoria Marquez, ang executive secretary na kino-consider nitong lucky charm ng kompanya. Labis nitong kinagigiliwan kahit ang maliliit na bagay na ginagawa ng babae para rito.

Victoria Marquez was a very witty lady, charming and beautiful with those luscious lips and tantalizing eyes. Maputi at silky soft ang kutis, rosy cheeks siya kung tutuusin na lalong na-co-compliment ang kanyang angelic face. May naturally curly hair na parang silk ang mga hibla.

Tori, as her friends fondly called her, was a perfect lady. Mabait at sincere sa trabaho, mapagkakatiwalaan, dedicated at always on time. But the thing is... she was rather on a very healthy side. Chubby siya as in super chubby.

“I’m voluptuous.” Pagtatawanan lamang niya iyon kapag may pumapansin sa kanyang katabaan pero talagang malulusog ang kanyang dibdib.

Nagiging tampulan din siya ng panunukso, pero binu-brush off na lang niya kung anuman ito. Ayaw niyang magpaapekto sa mga ganoong sitwasyon na alam niyang makasasama sa kanyang trabaho.

Pero iba si Don Angelo. Lahat ng kagandahan ni Tori ay nakikita nito, kaya naman ganoon katindi ang

dedication niya sa kanyang trabaho. Inspirasyon niya ang mga papuri ng matanda. Gustung-gusto siya nito kaya naman minsan ay natanong siya nito.

*“How about if I make you my granddaughter-in-law?”*

Muntik nang tumalsik ang iniinom ng dalaga nang marinig iyon. Kilala rin niya kasi si Serge. Naging instant crush nga niya ito nang unang beses na makita niya ito sa kompanya. Twenty-one years old pa lang noon ang lalaki at fresh graduate samantalang on-the-job training naman siya sa kompanyang iyon, kaya nga nag-decide siyang doon na rin mamasukan dahil kay Serge. Pero habang nagtatagal ay lumalala ang pagiging playboy nito at ang nakaraan ay nagtagal ito sa Amerika kasama ang nobya.

Pinakamatagal na naging nobya ni Serge si Sophia at pagkatapos ng dalawang buwang pagiging steady ay naghiwalay rin sila. Galit si Don Angelo sa babae dahil bigla na lamang umalis noon ang apo nang walang paalam. Hindi nito gusto si Sophia para sa tagapagmana nito.

Bumalik lang din ng Pilipinas si Serge dahil may gusto itong linawin sa abuelo. Ngayong nandito muli ang binata ay hindi na naman mapakali ang puso ni Tori.

“Hoy, Tori! Hanggang kailan mo balak tumitig diyan?” tanong ng kaibigang si Vina na nakita palang nakatingin siya kay Serge.

“Ano ka ba? Wala naman akong tinititigan,” depensa niya at ipinagpatuloy ang ginagawa.

Kahit na parang gustong tumalsik sa rib cage niya ang kanyang puso sa tindi ng pagkabog nito ay alam niyang hindi isang Sergio Madrid ang nababagay sa kanya at isa pa, hindi naman siya ang tipo para patulan nito. Tanggap na niya iyon at hindi niya balak lumuha habang-buhay kung papayag siya sa kagustuhan ni Don Angelo.

Samantala, sa loob ng mansyon...

“So what do you want to ask, Hijo?” tanong ng matandang don nang marating nila ang den at naupo sa magkatapat na couch.

“Ano ba ang sumagi sa isip mo, Lolo, at may kondisyon ka na dapat kong pakasalan si Victoria Marquez para mapunta sa akin ang lahat ng ari-arian mo? Ako lang naman ang nag-iisang tagapagmana mo,” panimula ni Serge.

“Hindi na ako makakahintay pa, Sergio. Kailangan mo nang mag-asawa at magkaanak bago man lang ako mawala sa mundong ito. Gusto kong

makita na naka-settle down ka na,” pakiusap nito.

“Pero alam ninyong malayo pa sa isip ko ang mga bagay na iyan at saka bakit naman kay Tori pa? Ni hindi ko siya mayayakap nang buo,” himutok niya.

“Mabait si Victoria at dedicated sa trabaho. She will make a fine wife for you kesa naman sa kung sinu-sinong babae na hindi ko na malaman kung ano talaga ang mga mukha,” medyo galit na tugon nito.

Nilapitan ni Serge ang lolo niya at nilambing-lambing. “Lolo, kaya nag-iiba ang mga hitsura nila ay dahil iba-ibang babae ang nakikita ninyo,” nakangiting sabi niya.

“Huh?” ang tanging nasabi ni Don Angelo na nanlalaki ang mga mata.

---

“Tori... Tori,” tawag ni Vina.

“Bakit ba? Nakita mong busy ako, eh,” medyo maangas na sagot ni Tori.

“Paano kung pumayag si Serge sa suggestion ni Don Angelo na pakasalan ka, papayag ka ba?”

Inubo siya sa narinig. “Bakit mo biglang naitanong iyan?”

“Eh, kasi narinig ko dati na tinanong ka ni Don Angelo kung gusto mong maging granddaughter-in-law niya,” paliwanag nito.

“Ikaw talaga... napakatsismosa mo. Huwag na huwag mong ipagsasabi ’yan at baka kalbuhin ako ng mga babae dito ni Sir Serge,” pabulong na sabi ni Tori.

“Eh, paano nga kung pumayag? Malay mo sabihin sa kanya ng don na hindi siya pamamanahan kung hindi ikaw ang magiging asawa niya.”

“At sa tingin mo ba matatakot iyon nang gan’on na lang? Kung tutuusin ay hindi niya kailangan ang kayamanan ni Don Angelo para mabuhay siya. Siya ang nagpalago ng ilan sa negosyo ng pamilya nila, eh,” pagmamalaki niya.

“Asus! Alam na alam ng lola ang istorya ’tapos ayaw pang umamin na interesado pa rin kay Sir,” panunukso ni Vina.

“Hindi ako ang tipo ng babae na papatulan ni Serge at hindi rin siya ang klase ng lalaki na magpapaligaya sa akin. Tanggap ko na iyon, kaya hindi ko na ipagsisiksikan pa ang aking sarili sa kanya,” malungkot na tugon niya na nahalata kaagad nito.



“Ipagsisiksikan? Eh, hindi ka nga magkakasya kahit sa pinto.” Tumatawang tumakbo ito papalayo.

“Bruha! Sabi mo best friend kita!” pahabol na sagot niya na tumatawa na rin.

Saksi si Vina Delgado sa lahat ng heartaches ni Tori. Maganda at seksi ito, minsan na nga itong binalak pormahan ni Serge, pero hindi naman tinuloy ng huli. Sa tuwing may bagong nobya ang lalaki ay lagi na lang umiiyak si Tori sa kaibigan. At sa tuwing nagkakagayon naman ay ice cream house ang paborito niyang puntahan kasama si Vina para mailabas ang sama ng loob.

Nang hapong iyon...

“Tori, five o’clock na. Hindi ka pa ba tapos? Nakita kong umuwi na si Vina,” banggit ni Ira.

“Oo, pinauna ko na siya kasi marami pa akong gagawin. Umuwi kasi nang mas maaga si Don Angelo kanina, kaya marami akong dapat ayusin ngayon para sa umaga pagdating niya ay masimulan na niya ang mga dapat pirmahan.”

“Sige, mauna na rin ako’t may gimmick kasi ngayon ang tropa. Ingat ka mamaya, ha? Kung mahirapan kang umuwi, i-text mo ako agad para maihatid kita.”

“Opo, Sir,” nakangiting sabi niya.

Si Ira Asuncion, guwapo, matangkad and every inch a gentleman. Maamo ang mga mata nito na parang laging nagmamakaawa. Malayung-malayo ito kay Serge. Ito na ang ideal guy para kay Tori. Alam na ni Vina na may pagtingin ito sa kanya kahit na may katabaan pa siya. Kahit ito ay crush si Ira, pero kailanman ay hindi nito nilapitan ang binata para magpakita ng motibo kahit alam nitong tanging kaibigan lang ang turing ni Tori kay Ira.

Masipag talaga si Tori at dedikado sa trabaho. Matalino rin siya pero may katangahan pagdating sa pag-ibig. Dahil na rin siguro sa labis na atensyon na ibinibigay kay Serge ay hindi na niya napapansin pa ang ibang bagay... tulad na lamang ng interes sa kanya ni Ira.

“Ibang klase ka nga, Miss Marquez. Kaya pala ganoon na lang ang pangungumbinsi ng lolo ko.” Tinig iyon ni Serge na labis na ikinagulat ng dalaga. Lumipad tuloy ang mga papel na hawak niya.

Lumingon siya sa pinanggalingan ng tinig habang tutop ang kanyang dibdib. “Huwag naman kayong manggugulat nang ganyan, Sir. Akala ko tuloy, may multo nga sa opisinaang ito.” At pinulot na niya ang mga papel na nalaglag. Ni hindi man lang tumulong

ang lalaki.

*Hindi multo kundi impakto ang dumating. Hindi man lang ako tulungan samantalang siya ang may kasalanan, sabi niya sa sarili.*

Nang makolektang lahat ang mga papel ay inayos naman niya ang kanyang sarili at hinarap si Serge. Pormal ang mukha nito, pero sa tingin niya ay lalo itong naging makisig sa dalawang buwan na hindi niya ito nakita. Ngayon ay face to face sila ng lalaking pinapantasya niya na ibig lang niyang manatiling pantasya. Alam niyang paiiyakin lang siya nito kung sakaling pumayag siya sa alok na kasal ng abuelo nito.

“Let me be frank with you, Tori. Hindi ko alam kung ano ang sinabi mo sa lolo ko at nakumbinsi mo siya na ipakasal ako sa ’yo, but I’m telling you that whatever evil concoction you’re brewing won’t work,” sabi ng binata na inilapit pa ang mukha sa kanya. Nasamyong niya ang pinaghalong pabango at amoy ng sigarilyo mula sa kausap na may parang amoy rin ng alak.

Hindi nagustuhan ni Tori ang tonong iyon ni Serge at ang manner ng pagkakasabi nito. Kunsabagay ay batid na niyang may pagka-conceited ito and he had every right to be so.

“Sir Serge, mukha lang akong bruha pero hindi ako witch. Wala akong sinasabi sa lolo mo na kahit ano. At oo, inaamin kong pinapantasya ka ng maraming babae pero rest assured na wala akong balak, kung sakali man, na mapabilang sa kanila. Alam ko naman kung ilang babae na ang pinaiyak mo,” matapang na tugon niya. Parang nawala ang lahat ng damdamin niya para sa lalaking ito, ngayon ay nararamdaman niyang galit siya at punung-puno na.

“So... is it safe for me to think that you are *not* interested in accepting the offer of marriage with me?” sarcastic na tanong nito.

“Sir, there had been no offer of marriage and if there should be one, rest assured that I will not accept. Hindi ang kagaya mo ang pag-aaksayahan ko ng panahon at dedikasyon,” mariing sabi niya.

Naningkit ang mga mata nito. “Tumatapang ka na, Tori. Hindi ko yata alam ang side mong ito.”

“Depende sa situation, Sir. Hindi naman tungkol sa trabaho ang pinag-uusapan natin kahit na nandito tayo ngayon sa opisina. Kung ano man ang dedication ko sa lolo mo ay totoong lahat iyon. Kung siya ang mag-alok na pakasalan ko siya baka tanggapin ko pa.”

Namangha si Serge sa pagiging straightforward

ng dalaga. Napangiti rin siya pagkaraan dahil nakuha na niya ang sagot na gusto niyang marinig. Alam niyang hindi titigil si Don Angelo hangga't hindi naisasakatuparan ang plano nito at ngayong wala namang balak si Tori na matali sa kanya ay safe na siya.

“So we understood each other. Hindi mo tatanggapin ang anumang offer of marriage mula kay Lolo na ako ang groom,” paniniguro pa rin niya.

“Hindi talaga, Sir Serge. Kontento na ako kung ano lang ang kusang dumating sa akin at hindi’yung ipinilit,” matatag na sagot ni Tori.

“That’s my girl.” Pagkasabi niyon ay biglang hinila ni Serge ang babae palapit sa kanya at ginawaran ito ng halik sa labi. Medyo mariin ang halik na iyon at tumagal nang ilang segundo. “I’ll get going, Tori. That kiss is a compensation.” Umalis na siya.

Nanatili pa rin si Tori sa kinatatayuan, tulala sa bilis ng pangyayari. At nang maka-recover ay napasigaw siya nang ubod-lakas.

## 2

Mag-isa na lang si Tori sa opisina, pero hindi pa rin siya umaalis doon. Galit ang kanyang expression at tila isang tigre na gustong sumugod.

“Napakawalanghiya mo talaga, Sergio Madrid III!” nasabi niya at mayamaya pa ay may luhang tumulo sa kanyang mga mata.

Iyon ang first kiss niya. May pagka-romantic siya at lagi niyang naiisip na magaganap iyon sa isang boat ride na silang dalawa lang ng lalaking kanyang makakatuluyan. Lagi siyang kinikilig sa tuwing maiisip niya iyon, subalit ngayon ay tila naglahong parang amnesia sa kanyang alaala ang lahat ng iyon.

Kinabukasan ay wala siyang masyadong kibo. Napansin kaagad ito ni Vina, kaya siya ay nilapitan ng kaibigan.

“Bakit naman ang aga-aga, eh, nakasimangot ’yang mukha mo?” tanong nitong pilit pinapasaya ang kanyang mood.

“Best Friend, ayaw ko na talaga sa kanya. Napakawalanghiya niya talaga!”

“May nangyari bang hindi maganda?” alalang-alala na tanong nito.

Kahit hindi sabihin ni Tori ang eksaktong dahilan ay matutunugan pa rin ng kausap na may hindi magandang nangyari. Kabisado na kasi nito ang likaw ng kanyang bituka.

Umiling lang siya at pilit na kinumbinsi ito na huwag nang alamin ang detalye.

“Basta ayaw ko na sa kanya. Tama ka, Best Friend, baliw talaga ako at tanga para pag-aksayahan siya ng panahon kahit na sinasabi ko pang pantasya ko lang naman ’yon at alam kong hindi magkakatotoo.”

“Sige, hindi na kita tatanungin. Salamat naman at nagising ka na rin sa wakas.” Tinapik-tapik nito ang kanyang likod upang aluin siya. Sapat na iyon para kay Tori upang gumaan ang kanyang pakiramdam.

---

“Good morning, Sir Serge. Dito na ba kayo ulit sa kompanya namin mag-o-office?” tanong ni Mr. Javier, head ng security ng building. Nang mga sandaling iyon ay naroon ito sa palapag ng executive offices.

“Oo,” flat na tugon ng binata. “Sige...” Lumakad na siya patungo sa opisina ng abuelo.

Pagtapat kay Tori ay tumigil siya. “Ako na ang bagong boss mo simula ngayon. Make sure that everything is in order,” utos niya at lalo pang lumapit sa babae upang nagkatapat ang kanilang mga mukha saka bumulong, “I am here to look for your flaws and tell my grandfather to terminate you right away because of incompetence.” Mabilis na siyang lumayo at tinungo ang mesa ni Don Angelo.

Samantala, namutla si Tori. Alam niyang hindi marunong magbiro si Serge. Tototohanin talaga nito ang sinabi sa kanya. Napamahal na din sa kanya ang kompanyang iyon at ayaw na niyang umalis pa roon kahit na naiinis siya kay Sergio Madrid III.

Hindi na naman siya mapakali sa mga nangyayari. Naalala niya ang mga kaganapan nang nagdaang gabi at muli ay kumulo ang kanyang dugo lalo na nang marinig niya si Serge sa telepono na may kausap at tumatawa. Pakiwari niya ay siya ang pinag-uusapan. Ipinilig niya ang ulo at pinilit alisin ang ideyang iyon sa kanyang utak. Nagiging paranoid lang siya.

Mayamaya ay umalis siya sa puwesto upang puntahan ang bagong amo. Kumatok muna siya sa pinto upang ipagbigay-alam na papasok siya.

“Come in,” sabi ni Serge.



“Sir, ito na ang mga papeles na naiwan ni Don Angelo kahapon na kailangan na ng signature ngayon,” aniya.

Kinuha nito iyon at isa-isang tiningnan ang mga papeles. Tila may binubusisi at hinahanapan talaga ng mali.

“Ikaw ba ang nag-prepare lahat ng napakaraming dokumentong ito, Miss Marquez?” medyo sarcastic na tanong nito.

“Hindi po, Sir. As you will see later on, may mga proposals d’yan na galing sa ibang kompanya at sila ang nag-prepare. Hindi ko naman kasi p’wedeng i-prepare ang mga documents na hindi natin concern at hindi naman sa atin nanggaling. Ano ba nama’ng malay ko sa takbo ng kompanya nila,” medyo nairitang sagot niya.

Napasimangot ang binata. Ang gayong sagot ay hindi sapat para idiin niya ang sekretarya. Kapag nalaman iyon ng abuelo ay baka mas kampihan pa nito si Tori kaysa sa kanya.

“Anyway, since I will be replacing Lolo Angelo for the time being, treat me as you treat him para makita ko din kung paano siya nahumaling sa ’yo nang husto.”

“Is it safe for me to think that you would like me to treat you like you are actually Don Angelo instead of Sir Serge?” paniniguro ng dalaga.

“Hmm... yeah, something like that. Give me the kind of service you are giving my grandfather,” pagsang-ayon niya.

“Okay, Sir, no problem. May kailangan pa ba kayo bago ako umalis dito?” magalang na tanong ni Tori na nakangiti pa.

Medyo kinilabutan siya sa nakitang pagkakangiti nito. “Wala na. Just do the usual things that you do when Lolo was here,” pag-uulit niya.

Naging maayos ang takbo ng lahat. Wala pa ring makitang mali si Serge sa mga ginagawa ni Tori. Kahit na may katabaan ito ay mabilis ang kilos ng katawan nito. Hindi nale-late ang mga dokumentong nire-request niya. Tunay ngang efficient ito at dedicated sa trabaho. Talagang maasahan.

“Tori, nagmerienda ka na ba?” tanong ni Ira nang lumapit ito sa mesa ng dalaga.

“Madami pa kasi akong ginagawa baka mag-coffee lang ako mamaya,” magiliw na sagot ni Tori.

Lihim na pinagmamasdan ni Serge ang mga

kaganapang iyon. Lumapit siya sa one-way mirror na siyang naghahati sa kanyang opisina at sa labas. Kitang-kita niya mula roon ang mga nangyayari. Nahalata niya kaagad na may interes si Ira kay Tori. Masayang nag-uusap ang dalawa. Aliw na aliw siya sa kanyang pinapanood. Animo'y reality show na nasa malaking screen ng TV at nasa front seat siya.

Break naman kasi kung tutuusin, pero dahil maraming ginagawa si Tori ay hindi na muna ito nag-break at si Ira naman ay tila sinasamahan ito. Wala na ang ibang empleyado dahil nasa canteen at nagmemerienda at tanging ang dalawang nag-uusap na nilalang ang nandoon at si Serge naman ay nasa kanyang opisina at lihim na nagmamasid. Kitang-kita niya nang tumawa si Tori at lumabas ang mala-perlas na ngipin nito at ang isang biloy sa pisngi.

Pinagmasdan niyang maigi ang maamong mukha nito at naging curious.

“May time pa tayong kumain, natapos mo na naman ang ginagawa mo,” yaya ni Ira.

“Sandali lang at mag-aayos ako,” ani Tori at biglang hinarap ang malaking salamin na naghahati sa opisina ng amo.

Nagulat si Serge at medyo yumukod nang

maalala niyang hindi nga pala siya kita roon sa loob. Marahil ay hindi alam ni Tori na hindi siya umalis ng silid. Naging gawi na kasi ng lolo niya na umalis ng opisina kapag merienda at magpamasahe sa katabi nilang spa.

Kitang-kita niya nang malapitan ang mukha ni Tori. Namumula ang mga pisngi nito gayong sigurado siyang wala itong blush-on. Maganda ang mga labi na tila nag-iimbata ng halik at napangiti siya nang bahagya, naalala niya ang nangyari nang nakaraang gabi. Makinis ang mala-anghel na mukha ng dalaga. Iba ang halina ng mga mata nito. Magpapadala na sana si Serge at inilapit pang lalo ang kanyang mukha sa salamin nang biglang umalis si Tori sa puwesto nito.

“Ready ka na?” narinig pa ni Serge na tanong ni Ira.

Bigla niyang binuksan ang pinto upang tawagin sana si Tori pero nakalabas na ang dalawa.

*Bakit ko naman nga pala siya tatawagin?* iiling-iling na nasabi niya sa sarili habang nakangiting tinungo ang kanyang mesa.

Habang nakaupo ay naiisip niya ang mukha ng dalaga. Maganda nga ito pero hindi siya interesado

sa mga babaeng walang hubog ang katawan. Iniisip din niya kung ano ang sumagi sa isip ni Don Angelo at nagkaroon ng ideya na ipakasal siya kay Tori. Hindi rin niya maintindihan kung bakit gayon na lamang ang pagmamadali nito na siya ay mag-asawa. Bigla siyang napabalikwas at nag-aalalang tumawag sa family doctor nila. Matanda na nga rin pala ang kanyang lolo at hindi man lang niya naisip ang health condition nito.

“Hello, Dr. Rivera, si Serge ito. Gusto ko lang sanang kumustahin ang last checkup ni Lolo,” panimula niya.

“Kataka-taka naman yatang bigla kang nagtatanong ng ganyan,” komento ng doktor.

“Lately kasi ay parang may mga abrupt decisions siya na hindi ko masakyan. Baka naman ’ika ko may mga dapat akong malaman tungkol sa kalusugan niya. I hope it’s nothing serious,” saad niyang may pag-aalala sa tinig.

“Well... part na rin ng old age pero hindi na siguro magtatagal pa ang lolo mo, kaya may mga desisyon siyang parang masyado siyang nagmamadali. Gusto siguro niyang maiayos ang dapat niyang ayusin bago man lamang siya pumanaw sa mundong ito,” paliwanag nito.

“G-gan’on ba, Doc? Thanks sa info.” Lulugulongong ibinaba niya ang telepono.

Lingid sa kaalaman ni Serge, may nangyayari na hindi niya alam.

Isang malutong na halakhak ang pinakawalan ni Don Angelo. Nang mga sandaling iyon ay nandoon ito sa klinika ng manggagamot.

“Ano’ng sabi ko sa ’yo? Di ba tumawag agad at hindi nakatiis? Mas mabilis kesa sa inaasahan ko,” pagmamalaki nito kay Dr. Anselmo Rivera.

“Kayo naman kasi, bakit ba kailangan ko pang magsinungaling sa apo ninyo, eh, mas malakas pa yata kayo sa kalabaw,” reklamo ng doktor.

“Magtigil ka nga. Basta’t gawin mo na lang kung ano ang sabihin ko. Alalahanin mong ako ang benefactor mo.” At muli ay tumawa ito dahil tagumpay ang plano nito.

“Kaya pala successful kayo sa negosyo ay dahil magaling kayong mag-predict ng outcome,” puri ni Dr. Rivera na totoo sa loob nito.

Samantala, hindi makapaniwala si Serge sa kanyang nalaman.

“Kaya pala gan’on na lang kung magmadali

si Lolo na mag-asawa ako at magkaapo siya sa tuhod,” nasabi niya sa kanyang sarili at napayuko habang hinihimas ang kanyang ulo.

Naalala niyang muli ang mukhang iyon ni Tori sa one-way mirror. Kung sakaling matuloy ang kanilang kasal ay ipapa-liposuction na lang niya ito. Itinaas niya ang kanyang ulo mula sa pagkakayuko at nagsimulang sumilay ang ngiti sa mga labi niya saka hinimas ang kanyang baba. Bakas sa mukha niya na may mga binabalak na siya sakaling hindi na talaga siya makakaiwas na pakasalan si Victoria Marquez.

---

Nagbalikan na ang mga empleyado at kabilang doon si Tori. Mayamaya pa ay pumasok na muli ang babae sa opisina ni Serge na may dalang salabat. Inilapag niya iyon sa mesa nito nang walang sabi-sabi.

“Ano ito?” nagtatakang tanong nito.

“Salabat, Sir,” buong pagmamalaking deklarasyon niya.

“Alam kong salabat iyan, ang ibig kong sabihin ay bakit mo ako dinalhan nito?”

“Ah, iyon ba? Sabi n’yo kasi i-treat ko kayo na

parang si Don Angelo. Since hindi ko alam kung nanggaling din kayo sa katabi nating spa para magpamasahe, playing safe lang ako na dalhan ko din kayo ng salabat tulad ni Don Angelo. Pagkatapos kasi ng session niya ay gusto niyang umiinom ng salabat,” buong ningning na sabi niya na may intensyon talaga na inisin ang kausap.

“Hindi ganito ang ibig kong sabihin,” medyo inis na tugon nito.

Saglit na umalis muna ang sekretarya upang kumuha ng pad at pen sa kanyang mesa. Bumalik siya sa private office ng boss.

“Sige, Sir Serge, i-dictate mo lang kung paano ang gusto mong set-up natin.” Nakangiti pa rin siya na lumabas ang biloy sa pisngi at napansin din ng lalaki.

Medyo napalayo ng tingin si Serge. Kahit siya ay nagtaka sa kanyang sarili na bakit parang nadadala siya sa mga titig na iyon ni Tori. Kunwari ay naglakad-lakad siya at nag-iisip sa set-up na gusto niya, pero ang totoo ay ibig lang niyang lumayo muna sa babae dahil baka kung ano na naman ang magawa niya rito. Muli ay nakita niya sa kanyang pagkakapikit ang malapitang mukha ni Tori at kung gaano ito kaamo.



Nakatingin lamang si Tori sa binata habang ito ay nasa ganoong pagkakatayo na nakaharap sa bintana at nakatingala.

*Ano kaya ang tinitingnan niya sa itaas? Wala namang mas mataas na building sa amin para isipin kong naninilip siya,”* naisip niya habang nangingiti sa kanyang kapilyahan. *Naghahanap ba siya ng flying butiki?*

“Aha!” biglang sabi ni Serge na lubhang ikinagulat niya. “May naisip na akong set-up na p’wede para sa atin.” Bumalik ito sa upuan at sinimulan ang litanya.

“You have a point. Hindi kami p’wedeng maging pareho ng lolo ko. Kailangan ko ng sariling identity... sariling trademark, kumbaga,” panimula nito.

Napapantastikuhang tumingin siya sa boss. Wala naman sa hinuha niya ang mga nasabi ni Serge, pero ganoon pala ang iniisip nito. Ibig lamang niyang inisin talaga ang hinayupak na kausap.

“First thing in the morning ay ibibigay mo na kaagad ang schedule ko for the entire day at kung may mga urgent matters, i-call mo kaagad ang atensyon ko doon para hindi ko makalimutan lalo na nga kung critical. From time to time ay i-remind mo ako ng next appointment ko. Ikaw din ang bahalang

mag-sked ng mga dates ko.” Sa parteng ito ay biglang natigilan si Tori.

*Bakit ako ang mag-aasikaso ng personal niyang lakad?* naitanong na lamang niya sa sarili.

“Importante na hindi mag-overlap ang mga dates ko. I am trying to recover from a bad relationship, kaya I expect your full cooperation on this. Next is keep track of the potential clients and partners, ’yung talagang magbe-benefit sa atin...” And it went on and on, pero isinulat niya lahat iyon para hindi niya makalimutan.

Pakiramdam niya ay talagang pinahihirapan lang siya ni Serge. Hindi nito dapat isama ang mga personal na bagay sa trabaho, ngunit dahil na rin sa ito ang apo ng may-ari ay wala siyang magawa kundi ang sumunod. At for the meantime ay si Serge kasi ang boss niya habang wala si Don Angelo.

“Would that be all, Sir?” natanong niya nang sa wakas ay tumigil din ito sa mga tagubilin nito.

“Yes, Miss Marquez, and please make sure that everything will be smooth. I am counting on you,” nakangising sabi nito at lumabas na siya.

Unang-unang ipinagawa sa kanya ay ang pagset ng mga dates ng binata sa list ng babae na hindi

niya alam kung saan kokontakin. Mga pangalan lamang ang mga iyon, pero kabilang lahat sa kilalang mga pamilya. Mga pangalang nagpakita ng interes kay Serge, ngunit hindi naman interesado noon ang binata kung kaya hindi tinandaan ang mga contact numbers ng mga ito at ngayon ay si Tori ang pahihirapan nito para i-trace ang mga iyon.

“Hello, Serge, bakit ngayon mo lang ako tinawagan?” sabi ni Jonie sa kabilang linya.

“I’m sorry, Miss Yulo, but I am Tori, Mr. Madrid’s secretary. I am calling on his behalf due to a busy schedule. I would like to know if you are free Friday night at—” Hindi pa niya natatapos ang kanyang sinasabi ay kaagad ng sumagot ang nasa kabilang linya.

“Yes! I am free and please tell him that I will be coming,” pagtatapos ni Jonie at nag-hang up na ito.

Takang-taka siya, ni hindi pa nga niya nasasabi ang venue, pero parang alam na nito kung saan kaya naman hindi na siya tumawag pang muli. Kung sakaling hindi alam ni Jonie ang lugar ay siguradong tatawag at tatawag ito para alamin kung saan nito kakatagpuin ang lalaki dahil excited itong masyado.

Marami pa siyang tinawagan at nai-book na niya

lahat. Madali naman siyang makakaisip ng dahilan sa mga babaeng iyon kung sakaling mag-adjust siya ng schedule. Ang importante kasi sa kanila ay ang maka-date si Serge. Naisip niya tuloy na parang magandang pagkakitaan ang bagay na iyon. Ibu-book niya ng date ang mga babae kasama ang isang most eligible bachelor.

*Mag-post kaya ako sa Internet? Marami kayang kumagat?*

Tatawa-tawa siya habang inaayos ang schedule na iyon. Pati na ang mga ibibigay niya sa mga babae ay nakalista rin. Ang problema niya ay kapag may umulit na ka-date si Serge. Sigurado na kasi siyang mangyayari iyon.

# 3

Isang linggo nang nag-oopisina si Serge sa kompanya ng kanyang lolo. Inaasikaso pa rin niya ang ibang negosyo ng pamilya, ngunit hindi naman iyon nangangailangan ng gaanong atensyon niya dahil magagaling ang mga tauhan nilang nagha-handle niyon. Ang *Madrid Group of Companies* ang mother company kung kaya kailangan niya itong tutukan. At isa rin iyon sa pakiusap ng kanyang lolo, na simulan na niya ang unti-unting pag-take over dahil matanda na si Don Angelo.

“Good morning, Sir Serge. Here is your itinerary for the day,” bungad kaagad ni Tori at inisa-isa ang appointments niya. “Also you have a date with Miss Mina Melencio this afternoon. She is the only heiress of *Melencio Holdings*. She is fondly called ‘MM’ by her friends kasi sweet daw siya like *M&M* chocolate,” natatawang dugtong nito.

Nakita niya iyon at napasimangot, pero mayamaya lang ay napangiti rin siya nang bahagya. “May mga urgent ba?” naitanong niya.

“Wala naman, Sir, for now, pero usually kasi pag Monday talaga ay busy day sa kompanya.”

“If something comes up, inform me at once para magawan ng paraan ang ibang appointments kung kailangang mag-adjust tayo to give way to a more important agenda,” pahayag niya.

“Sure thing, Sir,” pagtatapos ni Tori at lumabas na ito ng opisina.

Naging maayos naman ang lahat ng gawain ng buong week na nagdaan at nagpapasalamat si Tori at hindi siya pumalpak lalo na sa schedule ng mga dates ng kanyang bagong amo. Tanging awa na lamang ang naramdaman niya sa mga babaeng ide-date ni Serge.

Habang nakakasama kasi niya ito ay lalo lamang niyang nakikita kung gaano siya katanga para ito ay pag-ukulan ng panahon. Pero hindi kasi madaling alisin ang damdamin na matagal nang naroon sa kanyang puso, pero alam niyang balang-araw ay mawawala rin iyon. Araw-araw ay nadagdagan niya ang listahan niya ng mga traits ni Serge na talagang nagpapakulo ng kanyang dugo.

“Mr. Serge Madrid’s office, how may I help you?” magalang niyang sagot sa telepono.

“Is Serge there? Urgent lang talaga, hindi ko siya makontak sa cell niya. Please tell him that Anthony Calleja of *The Riding Club* is on the line,” banggit ni

Tony.

“Right away, Sir.” Nagmamadali tinungo ni Tori ang opisina ni Serge. Wala silang intercom dahil gusto ni Don Angelo na lagi niya itong puntahan sa opisina nito.

“Sir Serge, Anthony Calleja is on the line—” Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil tumakbo na kaagad ito sa labas ng private office at kinuha ang tawag sa mismong puwesto ni Tori. Hindi kasi ito tinatawagan nang ganoon ni Tony kung hindi rin lang talaga importante ang pakay nito.

“Tony, what’s up?” bungad ni Serge.

“Serge, may island property kayo malapit sa Puerto Galera, hindi ba? Naipagbili na ba ninyo iyon?” tanong kaagad ni Tony.

“Ang alam ko hindi pa, pero gusto pa ring ibenta ni Lolo iyon. Bakit mo naitanong?”

“May balak kasi kaming maglagay ng resort at riding ranch sa isang island na halos katabi din ng tourist spot para mas madaling maka-attract ng potential clients. Naalala kong may nabanggit ka dati na property ninyo malapit sa Puerto Galera.”

“Pero hindi ganoon kalapit iyon. Talagang island

'yon," pagdiriin niya.

"Okay lang, i-scout pa rin naman 'yun ng property manager namin. Ideal kasi 'yung site."

"I'll discuss it first with Lolo. Babalitaan kita."

Iyon lang at nag-iba na ang buong agenda for the day.

Hinarap ng lalaki ang sekretarya. "Tori, cancel everything including my date with... MM. Mas importante itong lakad ko with Lolo and you will be coming with me and help me convince him to sell that property."

"Ha?" ani Tori na namilog pa ang mga mata.

---

Nasa mansyon si Don Angelo nang mga oras na iyon kaya naging madali lang para kay Serge ang mag-set ng meeting sa abuelo. Nakasunod si Tori sa binata habang binabagtas nila ang daan patungo sa private office ng don.

"Tori, I miss you, Hija," masayang bungad ng matandang lalaki nang makita ang dating sekretarya. Ginawaran pa nito ng halik sa noo ang dalaga na labis na ikinagulat ni Serge. Hindi kasi nito alam na ganoon ang closeness ng dalawa.



“Kamusta na, Don Angelo? May salabat pa po ba kayo?” bungad na tanong ni Tori.

“Malapit na ngang maubos, eh, hindi naman nila alam ang bilihan ng brand na gusto ko,” pagmamaktol niya.

“Hayaan po ninyo at dadaan ako mamaya sa store na iyon para ibili kayo,” pangako niya at sumilay ang ngiti sa mga labi nito.

Napapatingin lamang sa lahat ng nangyayari si Serge. Ngayon ay nakita na nito kung anong klaseng relasyon mayroon ang abuelo at ang sekretarya. Parang sila ang maglolo. Hindi nito nakitang ganoon kagiliw rito ang matanda samantalang kay Tori ay parang naglalambing pa ito.

Maaga kasing naulila sa pamilya ang dalaga. Siya lamang ang natira nang maaksidente sila sa isang biyahe ng barko. Inampon siya ng kanyang tiyahin na kapos sa pera.

Nang mag-OJT siya sa opisina ni Don Angelo, lingid sa kanya ay pinasubaybayan pala siya ng matandang lalaki at inalam ang background niya. Balak na kasi nito noon pa man na i-hire siya nang tuluyan dahil nababaitan ito sa kanya at kahit na trainee pa lang ay makikita na ang dedikasyon niya

sa trabaho. Lubhang nabagbag ang don sa sitwasyon ni Tori at unti-unti siyang tinutulungan nito kahit noon pa man.

Sinagot nito ang kanyang pag-aaral. Hindi na niya nalaman pa ang mga bagay na iyon dahil lihim na kinausap nito ang kanyang tiyahin na huwag ipaalam sa kanya ang lahat. Laking pasasalamat naman ng kanyang kamag-anak dahil sa kabutihan ni Don Angelo. At ngayon nga ay si Tori na ang tumutulong sa tiyahin niya sa mga pangangailangan nito.

“Ehem!” pagpapapansin ni Serge.

Napabaling dito ang dalawang kasama.

“Ah, Hijo, ano ba ang importanteng bagay na kailangan mong ipakipag-usap sa akin?” natanong ng abuelo.

“Yung island property natin sana na malapit sa Puerto Galera ay gustong bilhin ng *The Riding Club*. P’wede naman natin silang bigyan ng offer na hindi tayo madedehado,” panimula ng binata na tinatantya na ang magiging reaksyon ng lolo nito.

Walang balak si Don Angelo na ipagbili ang property na iyon, pero noon pa iyon gustong ibenta ni Serge dahil hindi naman nila iyon nabibisita at sa

pagkakaalam nito ay wala ring nakakapasok doon kahit na walang bantay ang isla.

Sandaling natahimik ang matanda. Hindi nito ibig ipagbili ang lugar na iyon dahil sa nasirang asawa. Minsan na nilang pinangarap na roon manirahan pagdating ng panahon, ngunit dahil sa di-inaasahang pangyayari ay hindi na nagkaroon pa ng katuparan iyon. Hindi na rin muli pang pumunta roon si Don Angelo at sa palagay ni Serge ay panahon na para burahin sa alaala ng huli ang lahat na maaaring magbigay rito ng kalungkutan. Batid ng binata na hanggang naroon ang islang iyon sa kanilang listahan ng properties ay hindi nito malilimutan ang yumaong asawa.

“Sabi ko naman sa ’yo, Hijo, na wala akong balak na ipagbili iyon,” buntong-hininga ng abuelo.

“Pero, Lolo, hindi naman natin napupuntahan ang lugar na iyon. Ni hindi nga natin alam kung walang namumugad doon na mga kriminal. Wala din namang guwardiya,” saad ni Serge at tumingin kay Tori na tila humihingi ng tulong para suportahan ito. Naintindihan naman ng babae ang ibig nitong mangyari.

“Eh, Don Angelo, ano ho ba ang balak ninyong gawin doon sa lugar na iyon? Kung may sentimental

value iyon, p'wede ninyo sigurong ilipat sa iba kasi balewala din 'yung ganoong klaseng value kung hindi naman ninyo pinupuntahan o nakikita man lamang. Nagkakaroon lang iyon ng halaga kung laging nakikita," marahang paliwanag niya.

Nagkatinginan ang maglolo. Napangiti ang matanda sa sinabi niya. Paano pa nga magkakaroon ng sentimental value ang isang lugar kung pinababayaan na iyon at ni hindi man lang pinupuntahan. Sa kalaunan ay parang naging abandonadong property na ito. May bagong malisyosong plano ang nabuo sa isipan ni Don Angelo.

"May katuwiran kayo. Pero bago natin iyon ipagbili ay kailangang bisitahin mo muna iyon, Serge, at tingnang maigi ang lugar," kondisyon nito.

"Lolo, may mga tauhan naman tayong p'wedeng gumawa niyan," protesta ng apo.

"Oo nga pero *kailangan* mong personal na puntahan din iyon para naman ma-relay mo nang maayos sa kausap mo, hindi ba?" May kakaibang tono ang tanong na iyon.

"Pero may mga staff na kasama? Baka mamaya pugad na ng mga pusakal ang islang iyon, isusubo mo akong mag-isa," komento nito.

“Aba, siyempre hindi. May makakasama ka doon at kung nasaan ang boss ay dapat nand’un din ang sekretarya.” Muli ay sumilay ang mischievious grin sa mukha ng matanda.

“Ho? Bakit po pati ako?” di-makapaniwalang usal ni Tori.

“Siyempre pa, nakipagsabwatan ka kasi sa isang ito para kumbinsihin ako.” Tatawa-tawang iniwan sila ni Don Angelo.

Walang umiimik kahit na sino sa kanilang dalawa habang nasa kotse ni Serge. Bakas sa mukha ni Tori ang pagkadismaya. Tinulungan na lang nga naman niya ang binata pati siya ay nadamay sa lahat ng iyon. Hindi pa naman niya gusto ang magpunta sa mga inhabited islands na katulad niyon. Maging si Serge ay nag-iisip ngayon kung ano na ba ang balak ng lolo rito.

“Sir Serge, isa na lang sa mga chicks mo ang isama mo d’un sa isla, mas enjoy ka pa. Kahit huwag na lang natin ipaalam kay Don Angelo. Saka na lang ako magpapaliwanag pag nakabalik na kayo,” pagsusumamo ng dalaga.

“Sa palagay mo maiisahan natin si Lolo nang gan’on? Baka nga ihatid pa niya tayo sa isla pag

nagkataon,” anito na siguradung-sigurado sa maaaring gawin ng matanda.

Napangiwi si Tori. Alam niyang hindi malayo sa katotohanan ang sinabi nito. Kilala niya ang don at kung anuman ang mga balak nito ay walang makakapigil dito. Kung anu-anong expression ang nangyayari sa kanyang mukha dahil sa kaiisip ng paraan kung paano makakatakas sa sitwasyong iyon. Napapatingin minsan sa kanya ang katabi at natatawa na lamang sa kanyang hitsura na hindi naman niya pansin.

“Sir...” Humarap siya sa katabi na parang isang munting bata na nagmamakaawa. “Sige na naman, sabihin n’yo sa lolo n’yo na imposible para sa inyo na isama ako. Masyadong bibigat ang karga natin dahil na rin sa dami ng food na kailangan nating baunin. Malakas akong kumain, Sir,” patuloy na sabi niya.

“I know, Tori.” Tiningnan nito ang kanyang katawan. “Alam kong malakas kang kumain. Kita naman ang ebidensya.” Tumawa ito nang tumawa habang tumingin na lamang siya nang matalim dito.

*Impakto talaga ang isang ito! Bakit ko ba siya nagustuhan dati? Grrr! sa loob-loob niya.*

“We will be leaving in a month. Aayusin ko muna ang papers at baka may problema. Sa tagal kasing hindi naaasikaso ng property ay hindi ako sure kung updated pa ba ang taxes n'on at ibang kailangan pang ayusin. Kailangan din akong mag-assign ng isang tao na maiiwan sa office na siyang tatayong OIC habang wala tayo,” paliwanag nito.

“Bakit po? Magtatagal ba tayo doon sa isla?” curious na tanong niya.

Nagkibit-balikat ito. “Hindi ko sure kung gaano tayo katagal mananatili sa isla, maybe three days. Kailangan kasing malibot ang buong lugar para makita ko ang entire façade nito at ma-describe ko nang maayos kay Tony. And one more thing, Tori, try to lose some weight in a month's time para naman hindi ako masyadong madismaya. Ngayon lang kasi ako may makakasamang babae na kasing-sexy mo,” nangingiting litanya ng binata.

Sumimangot si Tori; sobra na yata ang panlalait na ginagawa nito sa kanya. Right there and then ay nagpasya siyang magbawas ng timbang. *Pero paano?* Tulad ngayong medyo depressed siya ay naisip niya kaagad na yayain si Vina sa favorite ice cream house niya at magpakalunod sa mga flavors na available doon. *Haay... ang hirap talaga!*

“Pasensya na kayo, Sir, at ganito ang katawan ko. Hindi ko rin naman ginusto ang ganitong katawan, talaga lang masarap kumain,” paghihimutok niya.

“I did not mean to offend you, Tori. Akala ko sanay ka na at usual na lang sa 'yo ang mga comments na gan'on,” paumanhin ng lalaki.

“Okay lang naman kung friend ko 'yung nagsabi, eh, ang kaso di naman kita kaibigan, boss kita at may hinanakit pa ako kasi madadala ako sa isang isla nang walang kalaban-laban. Wala naman akong magawa kasi nga boss kita. The boss is always right.”

“Para namang ako na ang worst boss sa buong planeta. Hindi ko sukat akalain na magiging ganoon ang pasya ni Lolo.” Biglang inihinto ni Serge ang kotse sa tabi. “Sandali nga, bakit ba ganyan ang tono ng pananalita mo? At hindi ko naman kailangang mag-explain sa 'yo,” galit na pahayag nito.

“Wala naman akong sinabing iba. Alam kong hindi mo inaasahan na gan'on ang maging reaksyon at desisyon ng lolo mo. Sige na, Boss, mag-drive ka na para makabalik tayo agad sa office,” tugon niya na para pang isinayaw ang kanyang mga kamay para lang sabihin na simulan na ulit nito ang pagmamaneho.

Alas cuatro na ng hapon nang makarating sina



Tori at Serge sa opisina. Naghahanda na ang ibang empleyado para umuwi. Marami pa silang aayusin at kailangang mag-overtime. Lumapit si Vina sa puwesto ng kaibigan.

“Best Friend, saan kayo nanggaling ni Sir Serge? Ang tagal ninyong nawala,” bulong nito.

“Eh, kahit naman matagal kaming nawala ay hindi kami matsitsismis dahil ayaw ng lalaking iyon sa mga matatabang katulad ko,” usal niya.

“Saan ba kayo nagpunta?”

“D’un sa lolo niya at inuungot ulit na ibenta na ’yung island property nila dahil nagustuhan yata n’ung may-ari ng riding club na sinalihan niya,” aniya, may halong inis sa tono ng salita.

“Eh, bakit parang ikaw ang galit na galit, ibinigay na ba sa ’yo ’yun ni Don Angelo?” pang-aasar nito.

“Huwag ka ngang ganyan!” Pinandilatan niya ang kausap na kaagad namang iniharang ang mga kamay sa mukha nito para hindi makita ang reaksiyon niya. “Kasi po, kailangang tingnan muna ni Boss ang property to make sure na maayos pa ang lahat. At kung nasaan ang boss ay dapat na naroon din ang sekretarya.”

Ngayon ay si Vina naman ang nanlaki ang mga mata. “You mean kasama ka ni Sir Serge? Naku, girl, ihanda mo ang sarili mo at kapag nalaman ng mga dyowa at kabit niya ’yan, eh, pihadong makakalbo ka,” paniniguro nito.

“Yun na nga, bukod sa ayaw ko sa mga isla baka nga maubos ang buhok ko sa mga babaeng iyon. Hindi naman ako ang may pakana ng lahat ng ito,” nakangusong sabi ni Tori.

“Ano’ng balak mo ngayon? Kailan ba ang alis ninyo?”

“Baka next month. May mga iaayos pa kasi siya bago kami rumatsada nang bonggang-bongga. Kailangan ko pang magbawas ng timbang,” maktol pa niya.

“Bakit kailangan pa iyon?” nagtatakang tanong nito.

“Ayaw daw niya kasi na may kasamang babae na ubod ng taba at saka baka mabigatan daw ang eroplanong sasakyan namin,” naluluhang sabi niya.

Natutop nito ang bibig. Mayamaya ay napangiti ito.

“Hayaan mo, Best Friend, tutulungan kita.”

Niyakap ni Vina ang kaibigan kahit na hindi siya nito mayakap nang buo.

“Talaga? Kukumbinsihin mo si Sir Serge na huwag na lang akong isama sa isla?” nakangiting tanong niya na nagniningning ang mga mata.

“Hindi, pero kaya kong tulungan kang magpapayat kahit konti,” pagyayabang nito at nginitian siya nang buong tamis.

Binatukan niya ang kausap.